



20 Setyembre 2020


Ika-25 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

## ANG DI-MALIRIP NA PAMAMARAAN NG DIYOS

**T**ayo ay nagdiriwang ng Ikadalawampu't Limang Linggo sa Karaniwang Panahon. Ang Magandang Balita para sa Linggong ito ay tungkol sa mga Manggagawa sa Ubasan. Ayon nga kay Propeta Isaias sa Unang Pagbasa ay di-malirip ang pamamaraan ng Diyos. Ang pamamaraan ng may-ari ng ubasan ay mahirap unawain. Hindi maaaring sabihing mali siya. Wala naman siyang nilabag na anumang batas ng paggawa. Ang masasabi lamang natin ay kakaiba ang kanyang pag-iisip.

Sa mahirap na panahong ito ng Covid-19 pandemic ay marahil ilang ulit na rin tayong nagtanong kung bakit nangyayari ang lahat ng ito. Wala tayong mahanap na magandang paliwanag. Subalit tiyak na may paliwanag ang Diyos! Ibang-iba nga lamang ang kanyang pamamaraan. Dahil dito, hindi natin malirip ang dahilan sa likod ng pangyayaring ito. Sa ating panalangin ngayong Linggo ay hingin natin ang tulong ng Diyos na kahit papaano ay masilip natin nang kaunti ang kanyang mahiwagang pamamaraan.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Sabi ng Poong Maykapal, ako ang s'yang kaligtasan ng hirang kong sambayanang tinutugon ko sa dasal na sagipin sa kaaway.**

#### Pagbati

**P**– Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang mahiwaga ang pamamaraan, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**– Tayo ay binigyan ng Diyos ng karunungan upang maunawaan ang kanyang kagagawan. Ngunit dahil sa higit na matayog ang kanyang karunungan ay hindi natin lubusang matalos ang kanyang pamamaraan. Humingi tayo sa kanya ng tawad kung naghinanakit

tayo sa kanya. (Manahimik saglit.)

**P**– Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong dakilang karunungan namamayani sa lahat ng iyong ginagawa sa aming kasaysayan, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**– Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**– Para sa aming kawalan ng pag-asa sa iyong kabutihang tiyak na magdudulot ng magandang bunga sa iyong mga kagagawang di-malirip ng aming munting isipan, Kristo, kaawaan mo kami!

**B**– Kristo, kaawaan mo kami!

**P**– Para sa aming nanlalamig na pagmamahal sa iyong pumipigil sa aming tumanaw ng utang na loob sa iyong mahiwagang pamamaraan sa aming buhay, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**– Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

### Papuri

**B**– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

## Panalanging Pambungad

**P**– Ama naming makapangyarihan, itinakda mong ang lahat ng mga utos mo ay mauwi sa pag-ibig sa iyo at sa kapwa tao. Ipagkaloob mong sa pagtalima namin sa mga ito kami’y pagindapatin mong sumapit sa buhay na walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B** – Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** *Isa 55:6-9*  
Nililinaw ni Propeta Isaias sa Bayan ng Diyos na ang pamamaraan ng Poong Maykapal ay puno ng karunungan. Hindi nga lamang ito kanyang unawain ng mga tao dahil sa kakaibang mag-isip ang Panginoon. Tulungan nawa tayo ng ating Eukaristiyang matanggap ang katotohanang ito.

**L**–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Hanapin ang Panginoon samantalang siya’y iyong makikita, siya ang tawagin habang malapit pa. Ang mga gawain ng taong masama’y dapat nang talikdan, at ang mga liko’y dapat magbago na ng maling isipan; sila’y manunumbalik, lumapit sa Panginoon upang kahabagan, at mula sa Diyos, matatamo nila ang kapatawaran.

Ang wika ng Panginoon: “Ang aking isipa’y di ninyo isipan, at magkaiba ang ating daan. Kung paanong ang langit higit na mataas, mataas sa lupa, ang daa’t isip ko’y hindi maabot ng inyong akala.”

Ang Salita ng Diyos!  
**B**– Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** *Awit 144*  
**B**–Ang D’yos ay tapat at totoo sa dumadalangng tao!

*R. M. Velez*



Ang D'yos ay tapat at to- to- o



sa du-ma-da-la- nging ta- o!

\* Aking pupurih’t pasasalamatan ang D’yos araw-araw, di ako titigil

ng pasasalamat magpakailanman. Dakila ang Poon, at karapat-dapat na siya’y purihin; ang kadakilaan niya ay mahirap nating unawain. **B.**

\* Ang Panginoong Diyos ay puspos ng pag-ibig at lipos ng habag. Banayad magalit, ang pag-ibig niya’y hindi kumukupas. Siya ay mabuti at kahit kanino’y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya’y mamamalagi. **B.**

\* Matuwid ang Diyos sa lahat ng bagay niyang ginagawa; kahit anong gawin ay kalakip doon ang habag at awa. Siya’y nakikinig at handang tumulong sa lahat ng tao. Sa sinumang taong pagtawag sa kanya’y tapat at totoo. **B.**

**Ikalawang Pagbasa** *Fil 1:20-24.27*

Iisa lamang ang hangarin ni San Pablo sa buhay. Ito ay ang mabigyan ng karangalan si Kristo. Dahil dito, ang mabuhay pa upang may ibayo pang magawa para sa pagpapalaganap ng Magandang Balita o ang mamatay na para makapiling na si Kristo ay pantay lamang. Matularan nawa natin siya sa ganitong hangarin.

**L**–Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Ang aking pinakananais ay, sa mabuhay o sa mamatay, mabigyan ko ng karangalan si Kristo. Sapagkat para sa akin si Kristo ang buhay at dahil dito’y pakinabang ang kamatayan. Ngunit kung sa pananatili kong buhay ay makagagawa ako ng mabubuting bagay, hindi ko malaman ngayon kung alin ang aking pipiliin sa dalawang hangarin. Ang ibig ko’y pumanaw na sa buhay na ito upang makapiling ni Kristo, yamang ito ang lalong mabuti para sa akin. Sa kabilang dako, kung mananatili akong buhay ay makabubuti naman sa inyo.

Kaya nga, mga kapatid, pag-sikapin ninyong mamuhay ayon sa Mabuting Balita tungkol kay Kristo.

Ang Salita ng Diyos!  
**B**– Salamat sa Diyos!

**Aleluya** *Gw 16:14*

**B**–Aleluya! Aleluya!

Kami’y iyong pangaralan upang aming matutuhan ang Salitang bumubuhay.  
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Mt 20:1-16*  
*Ang talinghaga ng mga mang-*

*gagawa sa ubasan ay talagang mahiwaga. Ang isang denaryo ang karaniwang upa sa isang buong araw ng paggawa. Kaya walang anumang pandarayang ginawa ang may-ari ng ubasan. Ngunit ang mahirap unawain ay kung bakit pinagpantay-pantay niya ang pagpapauya sa lahat, kahit sa mga iisang oras lamang gumawa.*

**P**–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
**B**–Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad ang talinghagang ito: “Ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: lumabas nang umagang-umaga ang may-ari ng ubasan upang humanap ng mga manggagawa. Nang magkasundo na sila sa upa na isang denaryo maghapon, sila’y pinapunta niya sa kanyang ubasan. Lumabas siyang muli nang mag-iikasiyam ng umaga at nakakita siya ng iba pang tatayutayo lamang sa liwasang-bayan. Sinabi niya sa kanila, ‘Pumaroon din kayo at magtrabaho sa aking ubasan, at bibigyan ko kayo ng karampatang upa.’ At pumaroon nga sila. Lumabas na naman siya nang mag-iikalabindalawa ng tanghali at nang mag-iikatlo ng hapon, at gayon din ang ginawa niya. Nang mag-iikalima ng hapon, siya’y lumabas uli at nakakita pa ng mga ibang wala ring ginagawa. Sinabi niya sa kanila, ‘Bakit kayo tatayutayo lang dito sa buong maghapon?’ ‘Wala pong magbigay sa amin ng trabaho, e!’ sagot nila. At sinabi niya, ‘Kung gayon, pumaroon kayo at gumawa sa aking ubasan.’

Pagtatakip-silim, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kanyang katiwala, ‘Tawagin mo na ang mga manggagawa at sila’y upahan, magmula sa huli hanggang sa unang nagtrabaho.’ Ang mga nagsimula nang mag-iikalima ng hapon ay tumanggap ng tig-iisang denaryo.

At nang lumapit ang mga nauna, inakala nilang tatanggap sila nang higit doon; ngunit ang bawat isa’y tumanggap din ng isang denaryo. Pagkatanggap nito, nagreklamo sila sa may-ari ng ubasan. Sabi nila, ‘Isang oras lang pong gumawa ang mga huling dumating, samantalang maghapon kaming nagpagal at nagtiis ng nakapapasong init ng araw. Bakit naman po ninyo pinagparepareho ang upa sa amin?’ At sinabi niya sa isa sa kanila, ‘Kaibigan, hindi kita

dinadaya. Hindi ba't nagkasundo tayo sa isang denaryo? Kunin mo ang ganang iyo, at umalis ka na. Maano kung ibig kong upahan ang nahuli nang tulad ng upa ko sa iyo? Wala ba akong karapatang gawin ang aking maibigan sa ari-arian ko? O naiinggit ka lang sa aking kabutihang-loob?'

**Kaya't ang nahuhuli ay mauuna, at ang nauuna ay mahuhuli."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B—**Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P—**Ihinalintulad ni Papa San Juan Pablo Ikalawa ang mga manggagawa ng dumating sa ubasan sa ikalima ng hapon sa mga Kristiyanong Laiko. Hingin natin sa Diyos na maunawaan ng buong Simbahan ang kahalagahan nila para sa pagpaparating ng Paghahari ng Diyos. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

**B—Amang matayog ang karunungan, dinggin Mo ang aming panalangin!**

\* Para sa mga namumuno sa

Simbahan, upang pahalagahan nila nang tunay ang mga Kristiyanong Laiko sa Bayan ng Diyos at alalahaning magiging kapantay lamang nila ang gantimpalang tatamuhin ng mga ito sa Kaharian ng Langit, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic*, upang hindi nila maliitin ang ating mga kababayang dukha at hamak, manalangin tayo sa Panginoon!**B.**

\* Para sa lahat ng mga gumagawa sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19 pandemic*, at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang panatilihin silang ligtas ng Espiritung Banal at gantimpalaan sila sa takdang panahon ng walang hanggang ligaya sa Kaharian ng Langit, manalangin tayo sa Panginoon!**B.**

\* Para sa ating lahat na mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating pahalagahan ang ating mga napahiwalay na kapatid dahil tayong lahat ay pinapangakuan ng pantay na gantimpala sa Kaharian ng Langit, manalangin tayo sa Panginoon!**B.**

\* Para sa ating lahat na nananalangin sa Linggong ito, upang hindi tayo matukso ng pag-aakalang makalalamang tayo sa ating mga kapatid na atin ngayong kinukutya at minamaliit, dahil may sapat na gawain para sa lahat sa ubasan ng Diyos at may gantimpalang nakaabang sa lahat, manalangin tayo sa Panginoon!**B.**

\* Tahimik nating idulog ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo!**B.**

**P—**Ama naming puno ng matayog na karunungan, isugo Mo sa amin ang iyong Espiritung Banal upang magsimulang luminaw sa aming mga isipan ang dahilan ng mga bagay na ngayo'y lingid sa aming kaalaman at matanggap namin nang maluwa sa kalooban ang Iyong di-malirip na pamamaraan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

**B— Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**P—**Manalangin kayo . . .

**B—**Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

#### Panalangin ukol sa mga Alay

**P—**Ama naming Lumikha, maawain mong kalugdan ang mga alay ng iyong sambayanan upang ang ipinahahayag namin nang may pananampalatayang matibay ay aming tanggapin sa banal na pakikinaabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B— Amen!**

#### Prepasyo III

**P—**Sumainyo ang Panginoon!

**B—**At sumaiyo rin!

**P—**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B—**Itinaas na namin sa Panginoon!

**P—**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

**B—**Marapat na siya ay pasalamatan!

**P—**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya't ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkalisigaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B—**Santo, santo, santo . . .

#### Pagbubunyi

**B—**Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



## PAKIKINABANG



**B**– Ama namin . . .

**P**– Hinihiling namin . . .

**B**– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

**Paanyaya sa Kapayapaan**

**Paghahati-hati sa Tinapay**

**B**– Kordero ng Diyos . . .

**Paanyaya sa Pakikinasabang**

**P**– Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona ng Pakikinasabang**

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

**Binigay mong mga utos para sundin nang malugod, kaya't iyong itaguyod landas ng puso ko't loob nang utos mo ay masunod.**

**Panalangin Pagkakinabang**

**P**– Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinasabang ay patuloy mong kaawaan at tulongan upang ang aming tinanggap ay siya nawang umiral sa pamumuhay namin sa araw-araw bunga ng iyong pag-

tubos na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!

## PAGWAWAKAS



**P**– Sumainyo ang Panginoon.

**B**– At sumaiyo rin!

**P**– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**– Amen!

**P**– Humayo kayo sa kapayapaan upang bukas-palad na magSKIP sa ubasan ng Panginoon.

**B**– Salamat sa Diyos!

## Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(*P. René T. Lagaya, SDB*)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang *Unitatis redintegration* (Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa) na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi. Ang una ay ang kakaibang lagay ng mga Simbahan sa Silangan at ito ay may limang bilang. Ang ikalabing-apat na bilang ay binibigyan ng halaga ang mga Simbahan sa Silangan. Kakaiba ang kanilang pinagmulan dahil marami sa mga ito ay itinatag ng mga Apostol. Marami sa paniniwala, at pamumuhay, at sa pagsamba ng mga Simbahan sa Silangan ay siya ring pinahalagahan ng Simbahan sa Kanluran.

**IKATLONG KABANATA: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG KRIS-TIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA**

**Unang Bahagi: ANG KAKAIBANG LAGAY NG MGA SIMBAHAN SA SILANGAN**

“Sa loob ng maraming dantaon ang mga Simbahan ng Silangan at ng Kanluran ay nagkanya-kanya, kahit sila

ay binibigkis ng kapatiran ng pananampalataya at ng buhay ng mga sakramento. Kung nagkaroon ng hidwaan sa pananampalataya at sa pamumuhay ang Simbahan ng Roma ang naging tagapagayos, ayon sa kasunduang panlahat.”

“Masayang ipinaaalala ng Konsilyo sa bawat isa ang isang makabuluhang katotohanan: sa Silangan ay maraming yumayabong na mga Simbahang pantanging pook; sa mga ito ang nangunguna ay ang mga Simbahang Patriarkato, at sa mga ito marami ay nagpupuri sa kanilang pagmumula sa mga Apostol. Kaya ang pangunahing pinag-ukulan ng pansin at inalagaan ng mga taga-Silangan, at siya pa ring pinag-uukulan ng pansin at inaalagaan, ay ang pananatili ng pagkakabuklod sa pananampalataya at sa pag-ibig ng isang mag-anak na siyang dapat makita sa mga Simbahang pantanging pook, tulad ng magkakapatid.

“Sa simula't simula pa ang mga Simbahan sa Silangan ay mayroon nang kaban ng yaman kung saan ang Simbahan sa Kanluran ay humugot para sa kanyang sariling pagsamba, kaugaliang pangkaluluwa, at batas. At hindi rin natin dapat maliitin ang katotohanang ang mga pangunahing paniniwala ng pananampalatayang Kristiyano hinggil sa Santisima Trinidad at sa Salita ng Diyos na nagkatawang-tao sa Birheng

Maria ay ipinahayag sa mga Konsilyong Ekumenikong ipinagdiwang sa Silangan. Upang mapanatili ang pananampalatayang ito ay naghirap ang mga Simbahang ito, at malaki pa rin ang pinaghihirapan hanggang ngayon.

“Kaya nga lamang, ang pamanang iniwan ng mga Apostol ay tinanggap nang magkakaiba at sa iba't ibang paraan; dahil dito, sa simula't simula pa ng Simbahan ang pag-unlad ay nag-iba sa bawat pook at dahil din sa iba't ibang paraan ng pag-iisip at ng pamumuhay. Ang mga bagay na ito, kasama pa ng mga panlabas na dahilan, at pati na rin ang kakulangan ng pag-iibigan at pagkakaunawaan, ay nagbukas ng daan sa pagkakawatak-watak.”

“Sa dahilang ito, hinihimok ng Konsilyo ang lahat, lalo na ang mga nagtalaga ng sarili sa gawain ng pagpapalumbalik ng buong pagkakabuklod na hinahangad ng mga Simbahan sa Silangan at ng Simbahang Katoliko, na bigyan ng kakaibang pagpapahalaga ang pinagmulan at paglago ng mga Simbahan sa Silangan, at pati na rin ang uri ng ugnayan sa pagitan ng mga ito at ng Simbahan ng Roma bago ang paghihiwalay at bumuo ng tamang pagkilatis sa katotohanan. Ang maingat na pagtingin sa mga ito ay malaki ang maitutulong sa binabalak na pag-uusap.”



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua